



Civic Holiday 2020 sa Brampton sa panahon ng COVID-19 pandemic

BRAMPTON, ON (Hulyo 29, 2020) – Sa taong ito, ang Civic Holiday ay magaganap sa Lunes, Agosto 3.

Sa gabay ng Peel Public Health at para sa kaligtasan n gating mga residente at mga empleyado, ang City Hall at karamihan sa ibang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang mga sangay ng Brampton Library, ay nananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Lahat ng kritikal na mga serbisyo, kabilang ang Fire at Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na tatakbo tulad ng dati para suportahan an gating komunidad.

Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available tayo 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga tanong tungkol COVID-19 tulad ng mga pamamaraang pangkaligtasan sa parke, pisikal na paglayo at mga pagsasara ng pasilidad. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa dagdag na impormasyon.

Kaligtasan sa Fireworks

Hindi magho-host ang Lungsod ng Brampton ng anumang fireworks displays sa Civic Holiday at hindi pinapayagan ang personal na mga firework.

Ang Civic Holiday ay hindi kasama sa apat na araw ng taon nang pinapayagan ang mga personal forework sa Lungsod ng Brampton. Para sa mas maraming impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/bylaws.

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul na Linggo/Holiday sa Civic Holiday na may ilang kanseladong mga rulta. Pakitingnan ang mga iskedyul bago magbiyahe.

Ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal ay sarado. Ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Bukas ang Contact Centre at pwedeng makatulong mula 9 AM hanggang 6 PM sa 905.874.2999.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.



Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung maysakit ka, iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

Sa patnubay ng Peel Public Health, pinaalalahanan ang mga rider na mandatroyo ang mga hindi medical na mask sa mga bus at mga terminal. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib.

Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Parke at Paglilibang

Para sa isang talaan ng mga parke at mga amenidad ng paglilibang na bukas at sarado, [i-click dito](#).

Manatiling fit na may kumpletong body circuit, pag-aralan kung paano gumawa ng origami hearts, magpraktis sa iyong mga kakayahan sa calligraphy at mas marami pa sa Rec At Home, isang sari-saring birtwal na programa na gawa sa pagmamahal ng staff ng Brampton Recreation! Mag-access sa Rec At Home platform sa www.brampton.ca/recreation.

Sa summer na ito, ang Lungsod ng Brampton ay naghahandog ng isang modified na summer camp para sa mga batang edad 4 hanggang 10. Tumatakbo linggo-linggo ang cam na ito, Lunes hanggang Biyernes mula 9 AM hanggang 5 PM. Para sa impormasyon kung paano mag-register, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

Brampton Library

Ang lahat ng sangay ng library ay sarado sa publiko hanggang sa karagdagang abiso dahil sa COVID-19. Available ang [Curbside Pickup](#) sa piling mga lokasyon at ang pagbabalik ay tinatanggap 24/7 sa pamamagitan ng exterior dropboxes sa lahat ng walong sangay. Tuklasin ang mga libreng eBook at mga eAudiobook, entertainment streaming, online learning at marami pa sa [Digital Library](#) nang walang bayad sa iyo gamit ang iyong Brampton Library card number at PIN. [I-click dito para makakuha ng isang online library card](#) o tulong sa iyong account. Sumali sa mga birtwal na programa para sa lahat ng edad at [mag-register rito para sa mga summer club](#): Brampton Brain Game para sa mga batang edad 0-12, Teen Summer Reading Club, at Adult Summer Reading Club. Manatiling konektado sa pamamagitan ng [pag-subscribe sa mga email update ng Brampton Library](#) at kumonekta sa Brampton Library sa Facebook, Twitter at Instagram @bramptonlibrary.

Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Ang Kanlungan ng Hayop sa Brampton ay sarado sa Civic Holiday.

Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 AM to hanggang 10 PM at Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 AM hanggang 6:30 PM, at tutugon lamang para sa sumusunod na mga tawag:

- Pag-pick up ng may-sakit/nasaktan/agresibong pambahay na mga hayop at hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Asong tumakbo na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pag-pick up ng naka-confine na asong-gala
- Pag-pick up ng patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emergency.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca